# Impormasyon Tungkol sa Imigrasyon at Bisa (Visa) para sa mga Biktima ng Karahasang Sekswal at Karahasan mula sa Ibang Tao (Interpersonal Violence)

Pinapayuhan ang mga dayuhang mag-aaral at iskolar na may tanong tungkol sa kanilang estadong pang-imigrasyon (immigration status) at bisa na humingi ng tulong sa Abugadong pang-Imigrasyon (immigration lawyer). Habang makatutulong ang kasulatang ito upang ipaliwanag ang ilang bahagi ng batas, hindi ito pamalit sa payong legal.

**Biktima ako ng pananakit, makaaapekto ba ang estadong pang-imigrasyon ko sa paghingi ng tulong sa loob ng kampus?**

Hindi. Ayon sa batas, ang mga mag-aaral at kawani na biktima o nakaligtas mula sa karahasang sekswal o karahasan mula sa ibang tao ay may parehong karapatan sa ilalim ng Titulo IX ng 1972 Education Amendments (Title IX) at ng Violence Against Women Act (VAWA), anuman ang kanilang estado sa

Matatagpuan sa

https://1is2many.okstate.edu/

ang impormasyon tungkol sa serbisyong medikal at pagpapayo sa kampus, pati na rin tungkol sa iba pang mga tulong na maaaring mahingi.

Matatagpuan sa

ang impormasyon tungkol sa proseso na nauukol sa mga pagkilos at pag-uugali ng mga mag-aaral. Hindi ka paghihigantihan ng Kolehiyong ito at hindi nito babaguhin ang pakikitungo sa iyo dahil sa iyong pagsusumbong ng isang krimen.

**Maaari ba akong magsampa ng kasong kriminal bilang bilang dayo, may legal na dokumentong hawak man o wala?**

Oo. Matatagpuan sa Annual Security Report

Oklahoma State University Police Department, OSUPD

104 USDA Building, Stillwater, Oklahoma 74078

405-564-6523

https://police.okstate.edu/

1is2many@okstate.edu

**Mayroon bang partikular na bisa at estadong pang-imigrasyon para sa mga biktima ng krimen?**

Oo. Para sa mga biktima ng sexual assault, domestic violence, dating violence, at stalking, may mga mapagpipiliang bisa, kasama na ang mga bisang U at T. Para sa mga detalye, sumangguni sa isang Abugadong pang-Imigrasyon.

| U Visa | T Visa |
|---|---|
| Para sa mga biktima ng malalang mental o pisikal na pang-aabuso dulot ng ilang mga kriminal na gawain, kabilang ang mga pang-aabusong sekswal, http://www.uscis.gov/humanitarian/victims-human-trafficking-other-crimes/victims-criminal-activity-u-nonimmigrant-status/victims-criminal- | Para sa mga biktima ng human trafficking<br>-Kailangang sumunod sa mga makatwirang kahilingan mula sa mga alagad<br>http://www.uscis.gov/humanitarian/victims-human-trafficking-other-crimes/victims-human-trafficking-t-nonimmigrant-status |

**, International Students & Scholars**

250 Student Union, Stillwater, OK 74078

405-744-5459

https://lcl.okstate.edu/iss/

su-iss@okstate.edu

Ang International Student and Scholar Services Office ay maaaring magbigay ng makatutulong na impormasyon tungkol sa estadong pang-imigrasyon. Tandaan na para sa mga katanungan tungkol sa pagpapalit ng uri o klase ng bisa, o para mga legal na opsyon lampas sa karaniwang F-1 at J-1 na bisa para sa mag-aaral, o employer-sponsored na pantrabahong bisa, sumangguni sa isang Abugadong pang-Imigrasyon.

| Mga Opsyon para sa Bisa | |
|---|---|
| Mga mag-aaral na nasa estadong F-1 at J-1 :<br>● Maaaring humingi ng pahintulot na kumuha ng mas kaunting klase dahil sa | Mga manggagawang nasa estadong H-1B, O-1, E-3, o TN:<br>● Opsyon para sa pansamantalang pagliban sa trabaho, at mga resulta o epekto nito |

**Ano ang Abugadong pang-Imigrasyon at ano ang kanilang ginagawa?**

Ang mga Abugadong pang-Imigrasyon ay lisensiyadong abugado na eksperto sa larangan ng batas ng imigrasyon. Naninilbihan sila bilang tagapagtaguyod at tagapagtanggol ng kliyente, at maaaring kumatawan sa mga ito sa mga kagawaran ng imigrasyon, kasama na ang pagharap sa hukumang pang-

| **Saan ako maaaring makahanap ng isang Abugadong pang-Imigrasyon sa aking lugar?** | |
|---|---|
| Ang US Citizenship and Immigration Services (USCIS), isang tanggapan ng Department of Homeland Security (DHS), ay may dalawang website na makakatulong sa mga indibidwal na humanap ng libre o murang representasyong legal: | |
| USCIS: Find Help in your Community Webpage | USCIS: Find Legal Services Webpage |
| Ang Board of Immigration Appeals (BIA) ay nag-aabot ng listahan ng mga abugado sa bawat estado na nagbibigay ng libre o murang serbisyong pang-imigrasyon. | |
| Ang American Immigration Lawyers Association (AILA) ay nagbibigay ng isang online na serbisyo upang tulungan ang mga mag-aaral o iskolar na makahanap ng Abugadong pang-Imigrasyon. | |
| Nagbibigay din ang American Bar Association ng impormasyon sa paghahanap ng mga legal na serbisyo sa bawat estado. | |